

Varyasyong Leksikal sa mga Dayalektong Mandaya

Raymund M. Pasion

Asst. Professor, Davao Oriental State College of Science and Technology, Mati City, Davao Oriental, Philippines
raypasion@yahoo.com

Date Received: September 30, 2014; Date Revised: November 30, 2014

Abstract - Layuning panlahat sa pag-aaral na ito na tuklasin ang varyasyong leksikal sa Wikang Mandaya na matatagpuan sa Probinsyang Davao Oriental. Bilang lunsaran sa paglilikom ng mga datos, ginamit ang mga terminong kultural na pangkabuhayan tulad ng pagsasaka, pangangaso, pangingsda at paghahayupan nanabatay sa Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP). Sinikap sagutin sa pag-aaral ang suliraning ano-anong varyasyong leksikal ang makikita sa mga terminong kultural na pangkabuhayan ng Mandaya na makikita sa munisipalidad ng Caraga, Manay, Baganga at Cateel?

Disenyong kwalitatibo ginamit. Metodong indehinusat deskriptibo naman ang ginamit mula sa paglilikom hanggang sa pag-aanalisa ng mga datos. Samantalang, ang mga impormante ay pinilisa pamamagitan ng kombinasyong purposive at snow-ball sampling.

Natuklasan, na ang wikang Mandaya ay nakitaan ng varyasyong leksikal ayon sa magkakaiba ang anyo, may pagkakatulad ang anyo, at magkakatulad ang anyo subalit magkakaiba ang bigkas. Gayunpaman, pinaniniwalaang dahil sa paktor na heograpikal, sikolohikal at sosyolohikal na nagaganap sa kanilang kultura ay hindi rin maipagkailang nagyari ang varyasyong leksikal na aspekto nito.

Mga Susing-salita: Dayalekto, Leksikal, Mandaya, Varyasyon

I. INTRODUKSYON

Sa probinsya ng Davao Oriental ng Mindanao, matatagpuan ang mga katutubong Mandaya. Mandaya rin ang tawag sa kanilang ginagamit na wika. Itinuturing na **Indigenous People** (IP) ang mga Mandaya. Nabibilang ito sa 110 katutubo ng Pilipinas. Ang katagang *Mandaya* ay nagmula sa mga salitang **man** (tao) at **daya** (itaas na bahagi o itaas na bahagi ng ilog). Dahil rin dito, ang mga Mandaya ay tinatawag na **nainhabitants of the uplands** (<http://www.ncip.gov.ph>). Naninirahan ang mga Mandaya sa bulubunduking bahagi ng Timog-Silangang Mindanao na binubuo ng Davao del Norte, Compostella Valley, Agusan del Sur, at Davao Oriental. Ang Davao Oriental ang may pinakamaraming populasyon ng mga Mandaya.

Bagama't iisang katutubong pangkat o grupo, napaghihiwalay ang mga Mandaya ng mga bundok at iba pang hangganan. Dahil sa heograpikal na sitwasyong ito, pinaniniwalaang umiiral ang varyasyon o dayalektal na varayti ng wikang Mandaya sa iba't ibang grupong gumagamit nito (as cited in Pasion, 2014). Nilayong alamin ng pag-aaral ang varyasyong leksikal sa wikang Mandaya sa mga munisipalidad ng Caraga, Manay, Baganga at Cateel.

Ang varyasyong leksikal sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa pagkakaiba ng salita o katawagan ng iba't ibang dayalekto sa isang bagay. Bagama't mula sa isang wika, ang Mandaya, nakitaan ng varyasyon ang apat na munisipalidad na gumagamit ng wikang ito. Pinagsasama ng mga terminong kultural sa apat na pangkabuhayan: pangangaso, pagsasaka, pangingsda at paghahayupan at inuri ang mga salita batay sa kategoryang (1) magkakaiba ang anyo; (2) may pagkakatulad ang anyo; at (3) magkakatulad ang anyo subalit magkakaiba ang bigkas.

II. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na tukuyin ang varyasyong leksikal sa wikang Mandaya na makikita sa mga terminong kultural na pangkabuhayan tulad ng pagsasaka, pangangaso, pangingsda at paghahayupan batay sa Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) ng mga Mandaya na matatagpuan sa mga munisipalidad ng Manay, Caraga, Baganga at Cateel ng Probinsiyang Davao Oriental.

III. KONSEPTWAL NA BATAYAN

Sa isang partikular na komunidad ay matatagpuan ang iba't ibang grupo na may ibang paraan sa paggamit ng kanilang wika ayon sa sitwasyong kinalalagyan.

Isang katotohanan sa linggwistika na ang wika ay nagbabago dahil sa sitwasyong heograpikal, sosyal, o maging ng sariling estilo ng ispiker, ang bawat tao ay may iba't ibang paraan ng pagsasalita (Thurlow 2004: 120). Ayon pa nga kay Hymes (Conrad at Biber, 2001), walang taong may isang paraan lamang ng pagsasalita sa lahat ng pagkakataon.

Sa pag-aaral na ito ay makikitang isang konsepto ng pagkakaroon ng iba't ibang varayti ng wika sa isang komunidad ng wika ang matatagpuan sa apat na munisipalidad. Bagama't kapwa mga Mandaya, dahil sa heograpikal na sitwasyon ay pinaniniwalaang may varayti ang naturang wika.

Ang varyasyon ng wikang Mandaya sa apat na grupo ay maaaring makita sa pamamagitan ng kanilang IKSP (Indigenous Knowledge Systems and Practices) na nagbibigay ng tuon sa mga terminong kultural sa aspektong pangkabuhayan tulad ng paghahayupan, pangangaso, pangingsda at pagsasaka. Bagama't may isang paniniwala, kultura, at pamumuhay ang mga Mandaya, nagkakaroon ng pagkakaiba ang kanilang katawagan o pananalita.

Batay sa variation theory, lilitaw ang varyasyon ng Mandaya sa pamamagitan ng linggwistikal nitong katangian.

IV. METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Disenyong kwalitatibo ang ginamit sa pag-aaral, at metodong indehinusat deskriptibo naman ang ginamit sa paglilikom hanggang sa pag-aanalisa ng mga datos. Samantalang, ang mga impormante ay pinili sa pamamagitan ng kombinasyong purposive at snow-ball sampling.

Ang varyasyong leksikal ay batay sa mga terminong IKSPng pangkabuhayan tulad ng pangangaso, pagsasaka, pangingsda at paghahayupan, inuri ang mga salitang ito ayon sa kategorya ng pagkakaroon nito ng varyasyong leksikal.

V. RESULTA NG PAG-AARAL

1. MGA SALITANG MAGKAIBA ANG ANYO

Isang uri ng pagkakaroon ng varyasyong leksikal ng wikang Mandaya sa apat na munisipalidad ay ang pagkakaiba-iba ng anyo ng mga salita. May iba't ibang tawag ang iba't ibang grupo ng Mandaya sa maraming bagay. Ipinakikita ng Talahanayan 1 ang paghahanay ng mga salitang magkakaiba ang anyo mula sa apat na munisipalidad.

Talahanayan 1. Mga Salitang Magkaiba ang Anyo

Blg.	MUNISIPALIDAD				Filipino
	Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
1	Asa	tanam	kabos	away	away
2	atol'l	untog	timbang	labak	hagis
3	atol'lan	untogan	timbang	labakan	hagisan
4	bukl'las	bira	butunga	guyod	undâ
5	bul'los	umay	tinandaway	puso	puso ng palay
6	byai	ayaw	dili	di	huwag/hindi
7	byubugtang	mamadayang	mamugad	mamatay	mamatay
8	byugtang	yadayang	yamugad	yamatay	namatay
9	gal'ling	mutya	dagon	anting-anting	mutya
10	gasukip	yagadagum	yagabilog	uswak	puso
11	ginal'lawit	palaway	kawad	bingwit	duway
12	gugutuwan	dagami	ubas	uhay	uhay
13	guno	ginan	guyok	tamak	tapak/yapak
14	guta	yuguta	yuguwang	buak	biyak na lupa
15	isip	bilang	kwenta	ihap	bilang
16	itud	sidong	libot	tuyok	ikot

Blg.	MUNISIPALIDAD				Filipino
	Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
17	kabinis	syusunod	kabilin	gipanunod	minana
18	kagiti	kaugkot	kaliwat	kaumpuan	kaliwat/ninuno
19	kanugbongan	kayaan	panaan	pangisdaan	pangisdaan
20	kasko	kal'lagukay	pyusaan	kalalong	tipaka ng itlog
21	kayam	sira	guba	daot	sira
22	kyakaungdan	pagnumpot	kyadumduman	pagsampit	pagsambit
23	ligda	guyok	tandak	sipa	sipa
24	lingasa	saba	bal'long	samok	ingay
25	linggaw	asling	balong	istorbo	gambala
26	mal'lal'lag	kul'ladong	katimpa	yelow	dilaw na kamote
27	malidong	libukong	tibuokay	malimon	bilog
28	tabid	los	lus-an	puga	piga
29	yagabangan	yagaatang	yagatagad	nagbantay	nag-abang
30	yumugpas	yumugpo	yulugpat	yalayog	lumundag

May kabuuang isandaan limampu't dalawang (152) set ng makakaibang anyo ng mga salita ang Mandaya mula sa apat na munisipalidad na tumutumbas sa isang bagay. Sinasabi ng mga Mandaya na madali nilang nakikilala ang pinagmulang grupo ng kapwa Mandaya batay sa salitang ginagamit nito. Sa paghihiwalay ng apat na grupong ito ng Mandaya, marami sa leksikon ng Mandaya ang nagbago o nagkaroon na nga ng varyasyon.

Ang pagkakaiba-iba ay hindi naman laging nagaganap sa apat na munisipalidad. May mga pagkakataon kung saan ang isa o dalawang

munisipalidad ang naiiba samantalang ang ibang mga munisipalidad ay magkatulad.

2. MGA SALITANG MAY PAGKAKATULAD SA ANYO

Isa pang uri ng varyasyong leksikal ng wikang Mandaya mula sa apat na munisipalidad ay ang pagkakahawig ng mga salita, may pagkakatulad subalit hindi parehong-pareho. Ang pagkakaiba ay maaaring nasa katangiang ponolohikal o morpolohikal ng bawat grupo ng Mandaya mula sa apat na lugar. Tunghayan ang talahanayang makikita saibaba.

Talahanayan 2. Mga Salitang May Pagkakatulad sa Anyo

Blg.	MUNISIPALIDAD				Filipino
	Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
1	atol'lon	atul'lon	atul'la	aton	apoy
2	alal'lagtoy	al-lagtoy	alalagtoy	anlalagtoy	uri ng ibon
3	budos	mabdus	mabdos	kabdos	buntis
4	buntadan	byubuntad	byuntad	buntad	pumugad
5	butangan	ubutang	byubutang	ibutang	ilagay
6	dadaan	daran	dadan	daan	luma
7	duwa	duwambok	duwambuok	dwambook	dalawa
8	gantay	yagabantay	byabantayan	nagbantay	nagabantay
9	gagiling	galling	igiling	paggiling	paggiling
10	giniling	gyaling	yaling	giling	giling

Blg.	MUNISIPALIDAD				Filipino
	Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
11	kal'lal'luman	kalal'luman	kalauman	kalawomay	kalaliman
12	kano	kinno	kin-no	kan-o	kailan
13	katubigan	matubig	katubig-tubigan	tubigan	katubigan
14	kulisi	kul-lisi	kulalisi	kulilisi	uri ng ibon
15	l'lul'lupog	lulupog	lyumupog	molupog	hahabol
16	l'lumupad	milupad	yulupad	yalupad	lumipad
17	madaid	madayeg	madaeg	madaig	marami
18	madakmul'l	madamol'l	madakmol'l	madakmo	makapal
19	mayampo	mayampog	mayupo	hayupo	maikli
20	nangitlog	imitlog	mangitlog	gaitlog	nangitlog
21	pusga	pisga	puga	pugta	piga
22	pyuputga	pyupugta	pyupuga	ipugta	piniga
23	rumigas	ormigas	urmigas	hormigas	langgam
24	rumigason	ormigason	urmigason	hormigason	langgamin
25	sa-a	saa	sa	saha	saha
26	sagul'l	sambol'l	sagul	sagol	halo
27	tuod	tod	tud	tuhod	tuhod
28	usunugon	sunuga	sunogon	sunugon	sunugin
29	yanagtari-tari	yanagtari	pagtadi	magtatari	nagsasabong
30	yudal'lagan	yadal'lagan	dumagan	yadalagan	tumakbo

May siyam napu't siyam (99) na set ng mga salitang Mandaya ang natuklasang may pagkakatulad sa pagtawag ng iba't ibang bagay. Maaaring ang pagkakaiba ay nasa ponolohikal na katangian ng mga dayalekto tulad ng pagkakaroon o kawalan ng ponemang /l~l/ o glide l na makikita sa halimbawa bilang 2 (alal'lagtoy/al-lagtoy/alalagtoy/anlalagtoy), ang pagpapalitan ng mga ponemang /d/ at /r/ tulad ng halimbawa bilang 6 (dadaan/daran/dadan/daan).

3. MGA SALITANG MAGKATULAD NA MAGKATULAD ANG ANYO NGUNIT MAGKAIBA ANG BIGKAS

Ang huling kategorya ng varyasyong leksikal ng Mandaya ay ang mga salitang magkatulad na magkatulad ang anyo ngunit magkaiba ang bigkas. Bagama't may kaugnayan ang palabigkasan o

aspektong ponolohikal, isinama sa tsapter na ito ang huling kategorya sapagkat binigyang-pansin dito ay anyo kasabay ng bigkas at ang pagsasaayos at paglalahad ng mga datos ay itinulad sa dalawang naunang kategorya. Ang anyo dito ay tumutukoy sa paraan ng pagsulat ng Mandaya sa salita. Mga salitang may magkatulad na baybay subalit hindi magkatulad ang pagkakaibigkas ang sinuring varyasyon sa bahaging ito.

May isang set lamang ng mga salita ang natagpuan kung saan magkakatulad ang mga titik na ginamit sa pagsulat subalit magkakaiba ang bigkas nito sa apat na lugar. Ang salitang *mabugat/mabug-at* ng Mandaya ay katumbas ng mabigat sa Filipino. Halos magkatulad na magkatulad ang baybay nito sa apat na munisipalidad subalit makikita sa ibaba sa pamamagitan ng notasyong ponemiko ang pagkakaiba-iba ng bigkas ng salita sa bawat lugar.

Crg	Mny	Bngng	Ctl	Fil
mabugat	mabugat	mabugat	mabug-at	mabigat
/ma.bəgat/	/mabəgat/	/mabugət/	/mabu:ɡʔat/	

Mapapansing magkakatulad ang ispelang ng *mabugatsa* Caraga, Manay at Baganga subalit magkakaiba ang paraan ng pagbigkas ng bawat isa. Sadyang naiba rin naman ang bigkas nito sa Cateel na makikita sa paggamit ng gitling sa pagsulat. Tulad din

ng sumusunod na halimbawa, kung saan ang salitang *pagatag* ng Caraga at Manay ay magkakatulad na magkakatulad ang anyo subalit may pagkakaiba ang bigkas nito.

Crg	Mny	Bngg	Ctl	Fil
pagatag <i>/paga.tag/</i>	pagatag <i>/paga.tag/</i>	pag-atag <i>/pag.atag/</i>	paghatag <i>/pagha.tag/</i>	paghandóg

Bagamat bihira, isa pa rin ito sa natagpuang leksikal na varyasyon sa wikang Mandaya. May ilan pang mga halimbawa kung saan matatagpuan sa ibang munisipalidad ang pagkakatulad ng ispelang subalit magkakaiba ang bigkas. Ginawa ito ng paggugrupo sa ikadadali ng pag-unawa.

VI. KONGKLUSYON

Tunay ngang kahit pa sabihing iisang wika lamang ang ginagamit, may pagkakataon pa ring maaaring hindi magkaintindihan ng tinutukoy ang tao lalo na kung ang nag-uusap ay nagmula sa magkaibang lugar. Patunay ang mga halimbawang inilad sa Talahanayan 1 kung saan ang apat na munisipalidad na pawang Mandaya ay may magkakaibang katawagan sa isang salita. Ang mga salitang ito ay nagpapakilala sa kanilang identidad dahil natutukoy agad ang pinanggagalingang lugar nito sa pamamagitan ng karaniwang mga salitang nagagamit nila sa pang-araw-araw na pakikisalamuha. Ang kontekstong ito ay tinatawag na varyasyong leksikal ayon kay Wardhaugh (1993) na tumutukoy sa mga varyasyon ng magkaparehong wika na lubhang kapansin-pansing nangyayari sa ibang mga lugar katulad ng naturang probinsya.

Gayunpaman, dahil nga nagmula sa isang wika, natural lamang na kahit may bahid na ng pagbabago, makikita pa rin ang pagkakatulad ng mga salita mula sa apat na lugar. Ipinakita ng Talahanayan 3 ang pagkakatulad ng mga salita mula sa apat na munisipalidad subalit mapapansin pa rin ang pagkakahawig ng mga ito gaya ng huling inilad kung saan sa bigkas lamang naiiba ang mga salita. Ang varyasyong ito ay natural na nangyayari dahil sa pagbabagong nagaganap sa lipunan ng mga Mandaya sa kasalukuyan. Ang pagbabagong nagaganap sa wika ay maaaring sanhi ng pagbabagong nangyayari rin sa mga taong gumagamit nang wika at gayundin sa uri ng lipunang kinabibilangan nito. Sapagkat, ang wika ay

dinamiko ito ayon kay Bernales, et al. (2007), ang wika ng Mandayang nabanggit ay dinamiko rin at maaaring madali itong nagbabago depende sa kung anong pagbabagong nagaganap sa lugar na kinabibilangan nito. Katulad na lamang sa ginawang pakikibagay ng mga Mandaya sa mga taong kanilang nasalamuha araw-araw o kaya’y sa mga taong dumarayo mula sa ibang pangkat at lipunan. Ang pakikibagay na ito ay maaaring matukoy na isa sa mga paktor kung bakit ang isang wikang ginagamit ng kaparehong tribo ay may pagkakahawig o kaya’y pagkakatulad sa anyo lalung-lalo na kung ang mga pangkat na ito ay heyograpikal na magkakasunod o magkakatulad kagaya ng naturang lugar na pinag-aaralan sa pananaliksik na ito.

REFERENCES

- Bernales, R. et al. (2007). Akademikong Filipino tungo sa epektibong komunikasyon. Batayan at sanayang-aklat sa Filipino 1, antas tersyarya, binagong edisyon. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.
- Conrad, S. & Douglas B. (Eds.). (2001). *Variation in English: Multi-dimensional studies*. England: Pearson Education Ltd.
- NCIP (National Commission on Indigenous Peoples). (2012). Retrieved June 5, 2012 from <http://www.ncip.gov.ph>
- Pasion, R. M. (2014). Morpolohikal na Varyasyon sa Wikang Mandaya ng Davao Oriental, *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, 1(5), 129-135
- Thurlow, C. et al. (2004). *Computer mediated communications: Social interaction and the internet*. London: SAGE Publication, Ltd.
- Wardhaugh, R. (1993). *An introduction to sociolinguistic* 6th edition. United Kingdom: Blackwell Publishers.